Pangalan: Mustapha Rascal
Paksa ng Khutbah: “Ang Kamatayan”
Isinaayos ni: Michael ‘Mujahid’ Macapagal
Sinuri at Iniwasto ni: Shaykh Haron M. Guro
January 26, 2025

Unang Bahagi ng Khutbah:

إِنَّ الحَمْدَ لِلَّهِ نَحْمَدُهُ وَنَسْتَعِينُهُ وَنَسْتَغْفِرُهُ، وَنَعُوذُ بِاللَّهِ مِنْ شُرُورِ أَنْفُسِنَا، وَمِنْ سَيِّئَاتِ أَعْمَالِنَا، مَنْ يَهْدِهِ اللَّهُ فَلَا مُضِلَّ لَهُ، وَمَنْ يُضْلِلِ فَلَا هَادِيَ لَهُ، وَأَشْهَدُ أَنْ لَا إِلَهَ إِلَّا الله، وَحْدَهُ لَا شَرِيكَ لَهُ، وَأَشْهَدُ أَنَّ مُحَمَّدًا عَبْدُهُ وَرَسُولُهُ، اللَّهُمَّ صَلِّ عَلَى نَبِيِّنَا مُحَمَّدٍ وَعَلَى آلِهِ وَصَحْبِهِ وَمَنْ تَبِعَهُمْ بِإِحْسَانٍ إِلَى يَوْمِ الدِّينِ، أَمَّا بَعْدُ:

﴿ يَا أَيُّهَا الَّذِينَ آمَنُوا اتَّقُوا اللَّهَ حَقَّ تُقَاتِهِ وَلَا تَمُوتُنَّ إِلَّا وَأَنتُم مُّسْلِمُونَ ﴾ آل عمران: 102

***“O kayong mga naniwala, matakot kayo kay Allah nang tunay na pagkatakot, at huwag kayong mamatay maliban na kayo ay mga Muslim.”*** (Alo ‘Imran: 102)

Mga kapatid sa pananampalatayang Islam, pakinggan at kapulutan ng aral ang kuwento na ito: May isang mangangalakal o negosyante na labis na abala sa pagpapayaman kaya’t napabayaan niya ang kanyang pagsamba at relasyon sa Panginoon. Inakala niya na mayroon pa siyang mahabang panahon upang magbalik-loob sa Diyos. Ngunit isang araw, siya'y biglang kinuha ng kamatayan. Ang kayamanang naiwan niya sa Mundo ay hindi niya madadala sa kabilang-buhay, at ang pagkukulang sa pananampalataya ay siya niyang pagsisisihan magpakailanman.

Mga kapatid, hindi natin alam kung kailan darating ang ating wakas. Huwag nating sayangin ang bawat pagkakataong ibinibigay ni Allah upang maghanda para sa mas mahalagang buhay — ang kabilang-buhay.

Sinabi ng ating Tagapaglikha na si Allah (Subhanahu Wa Ta’ala):

﴿ كُلُّ نَفْسٍ ذَائِقَةُ الْمَوْتِ ۗ وَإِنَّمَا تُوَفَّوْنَ أُجُورَكُمْ يَوْمَ الْقِيَامَةِ ۖ فَمَن زُحْزِحَ عَنِ النَّارِ وَأُدْخِلَ الْجَنَّةَ فَقَدْ فَازَ ۗ وَمَا الْحَيَاةُ الدُّنْيَا إِلَّا مَتَاعُ الْغُرُورِ ﴾ آل عمران: 185

***“Ang bawat kaluluwa ay makararanas ng kamatayan. At kayo ay makatatanggap lamang ng kabayaran sa Araw ng Muling Pagkabuhay. Kaya, ang sinumang iligtas mula sa Apoy at ipasok sa Paraiso, siya ang tunay na nagtagumpay. At ang makamundong buhay ay isa lamang mapanlinlang na kasiyahan.”*** (Alo ‘Imran: 185)

Hindi masama ang mag-negosyo ngunit huwag maging sobrang abala sa labis na pagpapayaman na isang pagkakamali ng mangangalakal sa kuwento, na halos wala na siyang oras sa pagsamba at pag-aalaala sa kay Allah. Kung gaano tayo naghahangad ng mga yaman sa Mundo upang maipanustos natin sa ating mga pamilya, hindi ba’t higit na dapat tayong maghangad ng mas malaking yaman at gantimpala sa Paraiso? Ang makamundong buhay na ating ginagalawan ay pansamantala lamang. Huwag tayong magpalinlang sa kinang at kaligayahang ina-alok nito, sapagkat ang tunay na buhay ay nagsisimula sa Araw ng Paghuhukom. Kung paanong tayo ay maghahanda para sa mahalagang pagsusulit sa Mundo, higit na dapat tayong maghanda para sa huling pagsusulit na ito — Ang Araw ng Paghuhukom. Sa bawat paghinga natin, ang kamatayan ay palapit nang palapit. Ito ang hindi matatakasan at hindi maiiwasan ng sinuman.

Sinabi ni Allah:

﴿ أَيْنَمَا تَكُونُوا يُدْرِككُّمُ الْمَوْتُ وَلَوْ كُنتُمْ فِي بُرُوجٍ مُّشَيَّدَةٍ ﴾ النساء: 78

***“Saan man kayo naroroon, aabutan kayo ng kamatayan, kahit kayo ay nasa matatayog na tore.”*** (An-Nisa: 78)

Ipinapaalala nito na ang kamatayan ay isang tiyak na bagay na hindi maiiwasan ng sinuman, gaano man kataas o kaligtas ang kanilang kinaroroonan. Ang kamatayan ay hindi maiiwasan! Ito ay nagbibigay-diin na gaano man kaingat o kaligtas ang buhay ng isang tao, darating ang oras na kanyang haharapin ang kamatayan. Kaya't mahalagang itanong sa ating sarili, “Ano ang ginagawa ko sa oras at buhay na ipinagkaloob sa akin?” Ang talatang nabanggit ay nagpapaalala na ang ating layunin ay hindi para lamang sa pansamantalang Mundong ito kundi para sa mas mataas na layunin. Ano ang layunin ng ating buhay? Ginugugol ba natin ang ating oras sa pagsunod sa kalooban ng Panginoon at pagtulong sa kapwa, o inuubos natin ito sa makamundong layaw? Katiyakan na kahit saan man tayo naroroon, kahit anong oras ay aabutan tayo ng kamatayan.

Ngunit paano tayo naghahanda sa oras na ito? Ang ating paghahanda sa kamatayan ay dapat nakaugat sa kaalaman tungkol sa Islam at sa pagsunod sa Sunnah ng ating mahal na Propeta (sallallahu ‘alayhi wa sallam). Tungkulin nating alamin ang Halal (pinahihintulutan) at Haram (ipinagbabawal), sapagkat ito ang magbibigay liwanag sa ating landas. Subalit tandaan, ang kaalaman ay walang kabuluhan kung hindi ito isasabuhay. At ang Eeman ay hindi nagmumula lamang sa pagbabasa ng mga Aklat, pakikinig sa mga lecture, o pag-uusap tungkol sa Islam. Ito ay nakabatay sa ating pagpupunyagi sa landas ni Allah. Tayo ay dapat maging matapat, may takot kay Allah, at ganap na nagtitiwala sa Kanya.

Sinabi ni Allah:

﴿ إِنَّمَا الْمُؤْمِنُونَ الَّذِينَ إِذَا ذُكِرَ اللَّهُ وَجِلَتْ قُلُوبُهُمْ وَإِذَا تُلِيَتْ عَلَيْهِمْ آيَاتُهُ زَادَتْهُمْ إِيمَانًا وَعَلَىٰ رَبِّهِمْ يَتَوَكَّلُونَ ﴾ الأنفال: 2

***“Tunay na ang mga nananampalataya ay yaong kapag binanggit si Allah, ang kanilang puso ay nanginginig, at kapag binigkas ang Kanyang mga talata, ito ay lalong nagdaragdag sa kanilang pananampalataya, at sila ay ganap na nagtitiwala kay Allah.”*** (Al-Anfal: 2)

Ang pagsamba kay Allah (Subhanahu Wa Ta’ala) ay hindi lamang limitado sa pagdarasal o pag-aayuno, kundi sa paggawa rin ng mga mabubuti at magagandang gawain na Kanyang kinalulugdan, maliit man ito o malaki. Sikapin nating gawin ang bawat gawaing mabuti na may layuning si Allah lamang ang malugod. Ang sinumang gumagawa ng mabuti na walang katapatan (Ikhlas) kay Allah ay hindi kailanman magtatagumpay. Kung nais mong magtagumpay, gawin mo ang lahat “para kay Allah” – Lillah!

أَقُولُ قَوْلِي هَذَا وَأَسْتَغْفِرُ اللهَ لِي وَلَكُمْ وَلِسَائِرِ المُسْلِمِينَ مِنْ كُلِّ ذَنْبٍ، فَاسْتَغْفِرُوهُ إِنَّهُ هُوَ الغَفُورُ الرَّحِيمُ.

Ikalawang Bahagi ng Khutbah:

الحَمْدُ لِلهِ رَبِّ العَالَمِينَ وَبِهِ نَسْتَعِين، وَالصَّلَاةُ وَالسَّلَامُ عَلَى رَسُولِ اللهِ وَعَلَى آلِهِ وَصَحْبِهِ أَجْمَعِين، وَبَعْد:

Mga mahal kong kapatid, itanong natin sa ating sarili, “Paano ko inihahanda ang aking sarili para sa kamatayan?” Huwag tayong magpakampante. Magpunyagi tayo sa paggawa ng mabuti, sa pagiging mabuting anak, magulang, at kapatid, at higit sa lahat, sa pagiging mabuting alipin ni Allah. Huwag nating baliwalain ang pagkakataon habang tayo ay may buhay pa. Ang araw ng kamatayan ay darating nang hindi natin inaasahan. Kung tayo ay patuloy na mamumuhay sa pagsuway, paano natin maihaharap ang ating sarili kay Allah sa Araw ng Paghuhukom?

Tinanong si Propeta Muhammad (sallallahu ‘alayhi wa sallam), “O Sugo ni Allah, sino sa mga mananampalataya ang pinakamatalino? Siya ay nagsabi:

"أَكْثرُهُم للمَوتِ ذِكْرًا، وأحسنُهُم لما بعدَهُ استِعدادًا، أولئِكَ الأَكْياسُ." (أخرجه ابن ماجه)

*“Ang palagian sa kanila sa pag-alaala sa kamatayan at ang pinakamahusay sa kanila sa paghahanda para rito, sila ang mga pinakamatatalino.”* (Inulat ni Ibn Majah)

Sikapin nating maging matuwid sa paningin ni Allah. Magsumikap tayo sa paggawa ng mabuti, iwasan ang kasalanan, manalangin at humingi ng tawad nang may taos-pusong pagsisisi. Ang tunay na tagumpay ay makakamtan lamang sa Paraiso, at ito ay matatamo ng mga sumunod at nagpakumbaba kay Allah. Hilingin natin kay Allah ang Kanyang Patnubay at Awa upang tayo ay Kanyang tanggapin sa Paraiso.

عِبَادَ اللهِ، إِنَّ اللهَ وَمَلَائِكَتَهُ يُصَلُّونَ عَلَى النَّبِيّ، يَا أَيُّهَا الَّذِينَ آمَنُوا صَلُّوا عَلَيْهِ وَسَلِّمُوا تَسْلِيمًا، اللَّهُمَّ صَلِّ عَلَى مُحَمَّدٍ وَعَلَى آلِ مُحَمَّدٍ كَمَا صَلَّيْتَ عَلَى إِبْرَاهِيمَ وَعَلَى آلِ إِبْرَاهِيمَ، وَبَارِكْ عَلَى مُحَمَّدٍ وَعَلَى آلِ مُحَمَّدٍ كَمَا بَارَكْتَ عَلَى إِبْرَاهِيمَ وَعَلَى آلِ إِبْرَاهِيمَ فِي العَالَمِينَ إِنَّكَ حَمِيدٌ مَجِيدٌ.

اللَّهُمَّ إِنَّكَ عَفُوٌّ تُحِبُّ العَفْوَ فَاعْفُ عَنَّا.

اللَّهُمَّ اغْفِرْ لَنَا وَلِوَالِدِينَا وَلِعُلَمَائِنَا وَمَشَايِخِنَا وَمَنْ أَوْصَانَا وَاسْتَوْصَانَا بِدُعَاءِ الخَيْرِ وَلِمَنْ لَهُ حَقٌّ عَلَيْنَا.
اللَّهُمَّ اغْفِرْ لَنَا وَارْحَمْنَا وَاعْتِقْ رِقَابَنَا مِنَ النَّارِ.
اللَّهُمَّ اغْفِرْ لِجَمِيعِ مَوْتَى المُسْلِمِينَ الَّذِينَ شَهِدُوا لَكَ بِالوَحْدَانِيَّةِ وَلِنَبِيِّكَ بِالرِّسَالَةِ وَمَاتُوا عَلَى ذَلِكَ، اللَّهُمَّ اغْفِرْ لَهُمْ وَارْحَمْهُمْ وَعَافِهِمْ وَاعْفُ عَنْهُمْ.
اللَّهُمَّ أَصْلِحْ لَنَا دِينَنَا الَّذِي هُوَ عِصْمَةُ أَمْرِنَا، وَأَصْلِحْ لَنَا دُنْيَانَا الَّتِي فِيهَا مَعَاشُنَا، وَأَصْلِحْ لَنَا آخِرَتَنَا الَّتِي إِلَيْهَا مَعَادُنَا، وَاجْعَلِ الحَيَاةَ زِيَادَةً لَنَا فِي كُلِّ خَيْرٍ، وَاجْعَلِ المَوْتَ رَاحَةً لَنَا مِنْ كُلِّ شَرٍّ.
اللَّهُمَّ انْصُرِ الإِسْلَامَ وَالمُسْلِمِينَ، وَأَذِلَّ الشِّرْكَ وَالمُشْرِكِينَ وَالمُنَافِقِينَ، وَدَمِّرْ أَعْدَاءَكَ أَعْدَاءَ الدِّينِ.
رَبَّنَا آتِنَا فِي الدُّنْيَا حَسَنَةً وَفِي الآخِرَةِ حَسَنَةً وَقِنَا عَذَابَ النَّارِ.
وَصَلَّى اللهُ عَلَى نَبِيِّنَا مُحَمَّدٍ وَعَلَى آلِهِ وَصَحْبِهِ أَجْمَعِينَ... وَالحَمْدُ لِلَّهِ رَبِّ العَالَمِينَ.
عِبَادَ اللهِ، إِنَّ اللَّهَ يَأْمُرُ بِالْعَدْلِ وَالْإِحْسَانِ وَإِيتَاءِ ذِي الْقُرْبَىٰ وَيَنْهَىٰ عَنِ الْفَحْشَاءِ وَالْمُنكَرِ وَالْبَغْيِ يَعِظُكُمْ لَعَلَّكُمْ تَذَكَّرُونَ، فَاذْكُرُوا اللهَ العَظِيمَ يَذْكُرْكُمْ وَاشْكُرُوهُ عَلَى نِعَمِهِ يَزِدْكُمْ، وَلَذِكْرُ اللهِ أَكْبَرُ، وَاللهُ يَعْلَمُ مَا تَصْنَعُونَ.

***